


Discover Its Beauty in 7 Minutes!

Part 5 of 7

# Allah

(The One True God)

# ANG KANYANG MAGANDANG MGA PANGALAN

DR. NAJI IBRAHIM

بسم الله الرحمن الرحيم


**In the Name of Allah,**
**the Most Gracious, the Most Merciful**

# Ang Kanyang Magandang Mga Pangalan

Ang Maluwalhating Qur'an at si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagturo sa atin tungkol sa mga pangalan ni Allah - ang Nag-iisa at Tunay na Diyos. Nabanggit sa Maluwalhating Qur'an: "At si Allah ang Nagmamay-ari ng mga magagandang pangalan, kaya't manalangin sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito." Qur'an 7:180

Kapag tayo ay nagsusumamo kay Allah, hinimok tayong Siya ay tawagin sa pamamagitan ng Kanyang magagandang pangalan o sa mga pangalang kaugnay ng ating kahilingan o pangangailangan. Halimbawa, kung ang ating kahilingan ay tungkol sa ating panustos, maaari tayong tumawag kay Allah bilang Ar-Razzaq - Ang Tagapagbigay-biyaya. Ang mga pangalang ito ay hindi nagpapahiwatig na si Allah ay higit sa isa, datapuwat ang mga ito ay mga pangalang naglalarawan sa iba't ibang mga katangian na pagmamay-ari ng Iisang Tunay na Diyos (Allah).

Tayong mga tao ay hindi kailanman ganap na maka-uunawa sa Kadakilaan ni Allah. Ngunit, habang nakikilala natin Siya at nalalaman ang mga bagay na Kanyang kinalulugdan, mas nagiging matindi ang pagsamba at pagmamahal natin sa Kanya.



# AR RAHEEM

الرحيم

Ang Maawain - nagtataglay ng Dakilang Awa para sa mga Mananampalataya. bagamat hindi natin maarok ang kaibuturan ng Kanyang Awa, mapapahalagahan naman natin ang katangiang ito sa pamamagitan ng pagiging maawain din sa iba.

Ang pagkilala kay Allah - sa pamamagitan ng pag-aaral at pag-unawa sa Kanyang mga pangalan at katangian - ay nagdudulot sa atin ng kapayapaan ng pag-iisip sa Mundong ito at sa Kabilang Buhay. Ito ay sapagkat tinatanggap natin na ang lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga Kamay at nangyayari ayon sa Kanyang Pagtatakda.

Hindi nararapat para sa isang tao na gumamit ng isang pangalan na pagmamay-ari lamang ni Allah. Ang mga Muslim ay madalas na may mga pangalan na nagsisimula sa Abdul (nangangahulugang "alipin ni") na sinusundan ng isa sa mga pangalan ni Allah. Samakatuwid, nangangahulugan ang Abdullah ng "alipin ni Allah", "Abdur Rahman" ay biang "alipin ni Ar Rahman (Ang Mahabagin)" at iba pa.

Ang kabatiran tungkol sa mga Pangalan ni Allah at paniniwala nang lubos sa Kanya at Kanyang mga Katangian ay maghahantong sa atin upang isipin - tuwing tayo ay kumikilos o nakikisalamuha sa iba - na si Allah ay Ang Mahabagin, Ang Mapagpala, Ang Maawain, Ang Hukom, Ang Nakakaalam sa Lahat, Ang Nakakakita sa Lahat, Ang Mapagpatawad, Ang Mabait, Ang Katotohanan, at iba pa.

***Napakahalagang na ating maisabuhay ang mga magandang katangiang ito sa abot ng ating kakayanan..***



# AS SALAAM

السَّلَامُ

Ang Pinagmumulan ng Kapayapaan at malayo sa lahat ng uri ng kapintasan at kabawasan. Siya ay laging Ganap - wala Siyang katangiang pantao tulad ng pagkakasakit, pagkagutom, pagkauhaw, o panlalamig.

# Ang Kanyang Magandang Mga Pangalan

***Ngayon, tunghayan natin ang ilan pang mga pangalan ni Allah at kahulugan ng mga ito..***

**Allah:** Ang pangalan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos - Karapat-dapat sa Pagsamba.

**Ar Rahman:** Ang Mahabagin - nagtataglay ng Awa sa lahat ng nilalang.

**Ar Raheem:** Ang Maawain - nagtataglay ng Dakilang Awa para sa mga Mananampalataya. bagamat hindi natin maarok ang kaibuturan ng Kanyang Awa, mapapahalagahan naman natin ang katangiang ito sa pamamagitan ng pagiging maawain din sa iba.

**Al Malik:** Ang Hari at Nagmamay-ari ng lahat - saklaw ng Kanyang Pamamahala ang Langit, Lupa, at lahat ng nasa pagitan nito.

**An Noor:** Ang Liwanag - nagbibigay ng ilaw at gumagabay sa atin. Ginagawa Niyang makita ang hindi nakikita. Sa isang kabanata na tinawag na An Noor, binaggit doon na "Si Allah ang Liwanag ng mga langit at lupa." (Qur'an 24:35)

**Al Quddoos:** Ang Banal, Dalisay, at Pinagpala.

**As Salaam:** Ang Pinagmumulan ng Kapayapaan at malayo sa lahat ng uri ng kapintasan at kabawasan. Siya ay laging Ganap - wala Siyang katangiang pantao tulad ng pagkakasakit, pagkagutom, pagkauhaw, o panlalamig.



# AR RAZZAQ

الرزاق

Ang Tagapagbigay-biyaya - Nagbibigay ng kabuhayan, kalig-tasan, at Patnubay sa bawat bagay na may buhay. Ang bawat isa sa atin ay tatanggap ng panustos na nakasulat para sa atin, subalit dapat tayong magsumikap para rito - sa pinahihintulutang paraan at hindi sa pandaraya o katiwalian.

**Al Baseer:** Ang Nakakikita - May Ganap na Pagkakita at Kabatiran sa lahat ng pangyayari at kalagayan sa buong Sanlibutan.

**As Samee':** Ang Nakaririnig - May Ganap na Pandinig sa lahat. Kapag tayo ay nagsumamo o nanalangin sa Kanya, tayo ay Kanyang naririnig at tinutugunan.

**Al 'Azeem:** Ang Dakila - May Kadakilaang lamaps sa anumang Kanyang nilikha.

**Al Ghafoor:** Ang Mapagpatawad - Nagtataglay ng malawak at malaking Kapatawaran at patuloy na nagpapatawad sa mga nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya.

**At Tawwab:** Ang Tumatanggap ng Pagsisisi. Minahal ni Allah ang mga taong nagbabalik-loob sa Kanya matapos magkasala at sumuway. Patuloy at malugod Niyang tinatanggap ang ating taos-pusong pagsisisi ng alipin. Hindi katulad ng tao - kahit na ang pinakamalapit sa atin - na kalaunan ay napapagod sa pagtanggap ng mga pagkakamali.

**Al 'Aliy:** Ang Kataas-taasan, Dakila, at may Ganap Kataasan sa Kanyang mga nilikha.



# AL WADOOD

الودود

Ang Mapagmahal - Nagmamahal sa mga matutuwid at masunurin. Kanyang ihinahayag sa atin ang Pagmamahal na yaon sa pang-araw-araw nating buhay. Dapat tayong magpakita ng pasasalamat sa Kanyang pagmamahal at dapat nating mahalin ang iba sa pamamagitan ng pagnanais para sa kanila kung ano ang ating nais para sa ating mga sarili.

**Al Wadood:** Ang Mapagmahal - Nagmamahal sa mga matutuwid at masunurin. Kanyang ihinahayag sa atin ang Pagmamahal na yaon sa pang-araw-araw nating buhay. Dapat tayong magpakita ng pasasalamat sa Kanyang pagmamahal at dapat nating mahalin ang iba sa pamamagitan ng pagnanais para sa kanila kung ano ang ating nais para sa ating mga sarili.

**Al Hakam:** Ang Hukom - Siya ang naghatol nang may ganap na Katarungan at Pagpapasiyang hindi matatakasan.

**Al 'Aleem:** Ang Maalam - Nakababatid sa lahat ng lantad at kubli, sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. "Wala ni isang dahon na nahuhulog liban na ito ay batid Niya." (Qur'an 6:59)

**Ar Ra'oof:** Ang Mabait - Ang Kanyang Lambing, Hinahon, Habag, at Awa ay walang hanggan.

**Ar Razzaq:** Ang Tagapagbigay-biyaya - Nagbibigay ng kabuhayan, kaligtasan, at Patnubay sa bawat bagay na may buhay. Ang bawat isa sa atin ay tatanggap ng panustos na nakasulat para sa atin, subalit dapat tayong magsumikap para rito - sa pinahihintulutang paraan at hindi sa pandaraya o katiwalian.



# AL MUJEEB

الْمُجِيبُ

Ang Tumutugon - Siya ang sumasagot sa ating mga panalangin. Ibig ni Allah na tayo ay humingi sa Kanya ng tulong sa pamamagitan ng pagsusumamo. Ibig na ibig Niyang tumugon ang ating mga panalangin bagamat ang Kanyang pagtugon ay hindi lagi sa oras at paraan na ating hinahangad. Ito ay sapagkat Siya ang higit na Nakakaalam kung ano ang makabubuti para sa atin.

**Al Haqq:** Ang Katotohanan - Siya ang Nag-iisang Tunay na Diyos. Ang Kanyang mga Salita ay Katotohanan. Siya ang malayo sa anumang uri ng kasinungalingan. Nararapat tayong magsikap na tuklasin at itaguyod ang Katotohanan sa lahat ng ating sinasabi at ginagawa – kahit pa ang katotohanan na iyon ay para sa atin o minsan ay laban sa atin.

**Al Haleem:** Ang Mabait - Ang Malumanay, mapagtimpi, at hindi nagmamadali kahit na sa mga makasalanan, gumagawa ng kabuktutan, at mga tumanggi o hindi naniniwala sa Kanya. Pinalalampas ni Allah ang ating mga pagkakamali. Dapat tayong magsumikap na gawin ang pantay at patas sa mga taong nasa paligid natin, sapagkat tunay, ang nagkikimkim ng hinanakit ay sinasaktan lamang ang kanyang sarili.

**Al Mujeeb:** Ang Tumutugon - Siya ang sumasagot sa ating mga panalangin. Ibig ni Allah na tayo ay humingi sa Kanya ng tulong sa pamamagitan ng pagsusumamo. Ibig na ibig Niyang tumugon ang ating mga panalangin bagamat ang Kanyang pagtugon ay hindi lagi sa oras at paraan na ating hinahangad. Ito ay sapagkat Siya ang higit na Nakakaalam kung ano ang makabubuti para sa atin.

# AL GHAFOOR

الغفور

Ang Mapagpatawad - Nagtataglay ng malawak at malaking Kapatawaran at patuloy na nagpapatawad sa mga nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): "Ang ganap na mga katangian ng Kagandahan at pagiging ganap ay pagmamamay-aari ni Allah. Tunay na mahal ni Allah ang kagandahan. " (Sahih Muslim)

Ang ilan sa mga katangian upang makilala ang tanging tunay na Diyos (Allah) mula sa ibang mga nag-aangkin (o inaangkin) ang pagka-Diyos ay ang mga sumusunod:

- Si Allah ay natatangi sa konsepto ng Kanyang mga katangian. Walang Siyang anumang o sinumang katulad. Walang mga katangian ng tao, hayop, o iba pang nilikha ang maaaring maiugnay sa Kanya.

- Si Allah ang Tagapaglikha (Al Khaaliq). Hindi Siya nilikha o ipinanganak.

- Si Allah naglalang sa atin upang Siya ay sambahin at ibukod-tangi sa Pagsamba. Kapag ating sinamba ang Nag-iisang Diyos lamang - tayo ay magiging malaya mula sa pagsamba sa mga idolo, santo, kilalang tao, pera, o iba pang bagay.

- Si Allah ay Nag-iisa. Siya ay hindi tatlo na naging isa o isa na naging tatlo o higit pa! Wala Siyang katambal o kapantay sa anumang Kanyang mga nilikha.



# AS SAMEE'

السَّمِيعُ

Ang Nakaririnig - May Ganap na Pandinig sa lahat. Kapag tayo ay nagsumamo o nanalangin sa Kanya, tayo ay Kanyang naririnig at tinutugunan.

# Mga Katangian ni Allah

- Si Allah ay hindi makikitasa Mundong ito ng mga tao o iba pang mga nilalang.
- Si Allah ay hindi nagpakita, nagkatawang-tao, tumulad sa anumang pisikal na anyo ng Kanyang mga nilikha.
- Si Allah ay Walang Hanggan - Siya ang Simula at Katapusan. Hindi Siya namatay o nagbago.
- Si Allah ay hindi nangangailangan sa anuman o sinuman - tulad ng isang ina, asawa, o anak. Hindi rin Siya nangangailangan ng pagkain, inumin, o anumang uri ng tulong. Bagkus, Siya ang kailangan ng Kanyang mga nilikha.

  Maaari nating gamitin ang mga pamantayan at katangiang ito (pati na rin ang iba na Siya lamang ang Nagmamay-ari) upang kilatisin ang pag-aangkin na ang isang tao o isang bagay ay Diyos.

# Interesado ka ba?

Kung ikaw ay interesado at nais mong matuklasan ang marami pang kaalaman at detalye patungkol sa Islam ay pumasok lamang sa aming website:

**www.discoveritsbeauty.com**

Maaring mo ring ipadala ang iyong katanungan o kuro kuro sa:

**info@discoveritsbeauty.com**

## MGA KAPAKI- PAKINABANG NA ISLAMIC WEBSITES:

**https://allahsquran.com**
**http://www.quranexplorer.com**
**http://www.islamhouse.com**
**http://www.edialogue.org**
**http://www.islamreligion.com**
**http://www.newmuslimguide.com**

## SERYE NG PAGTUKLAS SA KAGANDAHAN NG ISLAM SA LOOB NG PITONG MINUTO:

1. **Tuktok lamang ng bundok ng yelo**
2. **Ang Relihiyon nina Adan at Eba**
3. **Ang Abakada ng Islam**
4. **Pagsagot sa Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan**
5. **Ang Kanyang mga Magagandang Pangalan**
6. **Ang Huling Pahayag**
7. **Ang Huling Sugo**

# ANG PANUNUMPA SA PANANAMPALATAYA
## (ANG PINTO SA PAGPASOK SA ISLAM)

"Ako ay sumasaksi na walang ibang panginoon kundi si Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ni Allah"

Sa wikang Arabik:

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَٰهَ إِلَّا اللهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللهِ

Ganito ito binibigkas:

***ASH-HADU ALLA ILAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN RASOOLULLAH***






مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com

ISLAM HOUSE .com
ISLAM HOUSE

EIECC Program

DISCOVER ITS BEAUTY
WWW.DISCOVERITSBEAUTY.COM

GLOBAL ACADEMY FOR TRANSLATION AND EDUCATION (GATE)
LONDON | THE UNITED KINGDOM

GATE

www.gatetotranslation.com
info@gatetotranslation.com

Scan it!